DISCOVER UNDERSTAND APPLY



# Bible Study

## Lucas 5:1-11

## Small Group Session

## Enero 16, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship

# Lucas 5:1-11

TAKE-HOME PRINCIPLE

**Pagtutuklas**
na mga Tanong

**Pag-uunawang**
mga Tanong

**Pagtugon**




# Lucas 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

## Ang Pagtawag ni Jesus sa Unang Apat na Alagad

5 Minsan, habang nakatayo si Jesus sa tabi ng Lawa ng Genesaret, nagsiksikan ang napakaraming tao sa paglapit sa kanya upang makinig ng salita ng Diyos.




# Lucas 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

2 May nakita siyang dalawang
bangka sa baybayin; nililinisan ng
mga mangingisda ang kanilang
mga lambat at wala sila sa
kanilang mga bangka.
3 Sumakay siya sa isa sa mga ito
na pag-aari ni Simon. Hiniling
niya rito na ilayo nang kaunti ang
bangka mula sa baybayin.
Naupo siya sa bangka at
nangaral sa mga tao.




# Lucas 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

4 Pagkatapos niyang mangaral, sinabi niya kay Simon, “Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli.”




# Lucas 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

5 Sumagot si Simon, "Guro,
magdamag po kaming
nagpagod ngunit wala kaming
nahuli! Ngunit dahil sa sinabi
ninyo, ihuhulog ko ang mga
lambat." 6 Ganoon nga ang
ginawa nila, at nakahuli sila ng
maraming isda, kaya't halos
mapunit ang kanilang mga
lambat.




# Lucas 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

7 Kinawayan nila ang kanilang
mga kasamahang nasa kabilang
bangka upang magpatulong.
Lumapit naman ang mga ito at
napuno nila ang dalawang
bangka, anupa't halos lumubog
ang mga ito. 8 Nang makita iyon
ni Simon Pedro, siya'y lumuhod sa
harap ni Jesus at sinabi,
“Lumayo kayo sa akin, Panginoon,
sapagkat ako'y isang
makasalanan.”




# Lucas 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

9 Nanggilalas siya at ang
kanyang mga kasama dahil sa
dami ng kanilang huli, 10
gayundin sina Santiago at Juan
na mga anak ni Zebedeo at mga
kasosyo ni Simon. Sinabi ni Jesus
kay Simon, “Huwag kang
matakot. Mula ngayo'y mga tao
na, sa halip na mga isda, ang
iyong huhulihin.”




# Lucas 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

11 Nang maitabi na nila ang mga
bangka sa pampang, iniwan nila
ang lahat at sumunod kay Jesus.

# Mahalagang Prinsipyo Sa Buhay

Pipiliin kong maging banal sa pamamagitan ng pagsunod kay Kristo at hindi sa aking likas na makasalanang mga gawi.

# Pagtuklas

Lucas 5:1-11

#1

Ano ang sagot ni Simon Pedro nang sabihan siya ni Hesus na pumalaot at ihulog ang kanilang mga lambat upang makahuli ng isda?



# Pagtuklas

Lucas 5:1-11

#2

Ano ang naging resulta ng kanyang pagsunod kay Hesus?



# Pagtuklas

Lucas 5:1-11

#3

Ano ang naging reaksyon ni Simon Pedro sa kanyang nakita?



# Pag-unawa

Lucas 5:1-11

#1

Sa talata, sinunod ni Simon Pedro si Hesus, at napagtanto niya ang kanyang pagiging makasalanan at ang kabanalan ni Hesus nang kanyang makita ang resulta ng kanyang pagsunod. Paano nangyari ito?




# Pag-unawa

Lucas 5:1-11

#2

Ano ang kaugnayan ng pagsunod sa Diyos sa pagiging banal?



# Pagtugon

Lucas 5:1-11

#1

Ang kabanalan ng ating Panginoong Hesus ang ating tinutularan.  Ano ang iyong banal na katauhan sa gitna ng katotohanang ito?



# Pagtugon

Lucas 5:1-11

#2

Anu-ano ang mga pagsunod sa Diyos na iyong gagawin sa araw-araw upang maging banal ang iyong pamumuhay?



# Lucas 5:1-11

TAKE-HOME PRINCIPLE

**Pagtutuklas**
na mga Tanong

**Pag-uunawang**
mga Tanong

**Pagtugon**

# Mahalagang Prinsipyo Sa Buhay

Pipiliin kong maging banal sa pamamagitan ng pagsunod kay Kristo at hindi sa aking likas na makasalanang mga gawi.

Small Group Session

# Pangwakas Na Panalangin

DISCOVER UNDERSTAND APPLY



# Bible Study

Lucas 5:1-11

## Small Group Session

January 16, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship

# KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584